Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**Region IV- MIMAROPA**
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Barangay III (Poblacion), Roxas, Palawan
Contact No. 09171606578 / 09175028647
Email address: cenroroxaspalawan@denr.gov.ph

17 February 2022

**G. RODOLFO D. CASTAÑAS**
Bgy. Port Barton, San Vicente, Palawan

**Ginoong Castañas,**

Pagbati!

Tulad po ng saad sa aming liham sa inyo nitong nakalipas na Disyembre 2021 (lakip ang sipi), ang pagsisiyasat na maaaring isagawa ng DENR saklaw ang mga pribadong (titulado) lupa ay layon lamang alamin kung marapat ibalik sa poder ng estado (reversion) ang naturang pag-aari (lakip ang Section 26 ng Department Administrative Order No. 2016-31).

Dahil dito, ang inyo pong pag-aangkin sa pribadong lupa na diumano ay inyong ukupado sa Bgy. Port Barton, San Vicente, Palawan ay sa hukuman pong pinamamahalaan ng Department of Justice (DOJ) marapat idulog.

Umaasang kayo ay aming nagabayan.

Sumasainyong Lubos,

**PABLO L. CRUZ**
CENRO

DENR-CENRO ROXAS
RELEASED
DATE. 02/28/2022
BY:
DOC. NO. 2022-02-0217

Mga Sipi:
The RED
The PENRO

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**Region IV- MIMAROPA**
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
Barangay III (Poblacion), Roxas, Palawan
Contact No. 09171606578 / 09175028647
Email address: cenroroxaspalawan@denr.gov.ph

03 December 2021

**G. RODOLFO CASTAÑAS**
Port Barton, San Vicente, Palawan

**Ginoong Castañas,**

Pagbati!

Ukol po sa inyong liham layong alamin ang kalagayan ng lupang may katawagang Lote Blg. 4432 ng Cad. 860-D sa Bgy. Port Barton, San Vicente, Palawan ipinababatid po na malibang hindi pagtibayin ng DENR-MIMAROPA Regional Office sang-ayon sa Department Memorandum Circular (DMC) Blg. 2019-10, agricultural (alienable/disposable) po ang pagkakauri nito. Natalà po ito para kay Antonio Alvares nang sukatin at noong 1993 ay nagawaran na ng patente sa pangalan ni Antonio C. Alvarez, mahigit sampung taon bago nabili ng inyong asawa noong taong 2004.

Ayon sa Seksiyon 26 ng Department Administrative Order (DAO) Blg. 2016-31 ang kapangyarihan ng DENR sa mga pribadong lupain ay layon lamang alamin kung marapat na ito ay ibalik sa poder ng pamahalaan (reversion). Dahil dito, ang pribadong interes sa lupang paksa ay sa mga hukuman nang nakasasaklaw marapat idulog.

Sang-ayon sa mga Seksiyon 29 at 30 ng DAO 2016-31, lahat ng petisyon para sa reversion ng rehistradong pag-aari ay sa Provincial Environment and Natural Resources Office idinudulog lakip ang Certificate to File Action galing sa Barangay, Verification and Certification of Non-Forum Shopping, Proof of payment of Petition Fee, Certified copy of the title, at kasalukuyang 2X2 larawan ng nagpipetisyon.

Kayo nawa ay aming nagabayan.

Lubos na Sumasainyo,

(Original Signed)
**RONIE B. GANDEZA**
OIC-CENRO

Mga sipi:

RED
PENRO
file

## CHAPTER III (Registered Patents)

***Section 26. Nature of the investigation.*** The proceeding under this Chapter shall be merely investigative in nature which will be conducted as a fact-finding/ recommendatory procedure to determine the propriety of initiating reversion proceedings.